**Ulo ng Balita:** Ang Paparating na Paglabas ng Data sa Muling Pag-distrito ng 2020 Senso ay Magpipinta ng Mas Malinaw na Larawan ng Amerika (Sa Ingles lamang)

Staff para sa Nagbibilang ang Amerika

Hulyo 12, 2021

Bago lumampas ang Agosto 16, ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay nakatakdang maglabas ng detalyadong demograpikong estadistika mula sa 2020 Senso (Sa Ingles lamang) na gagamitin upang muling gumuhit ng mga lehislatibong distrito ng pagboto.

Susundan ng mga ito ang paglabas sa Abril 26 ng mga unang resulta (Sa Ingles lamang) mula sa 2020 Senso, na nagpakitang ang kabuuang populasyon ay 331.4 milyon. Natukoy ng unang paglabas ang bahagi ng bawat estado (states) sa 435 puwesto sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S.

Ibibigay ng paglabas ng data sa Agosto ang unang sulyap sa mga pandemograpikong katangian ng bansa ayon sa estado (state), county, at lungsod (city) (hanggang sa antas ng block ng senso), kabilang ang:

- Lahi at etnisidad.
- Populasyong nasa edad ng pagboto.
- Mga okupado at bakanteng yunit ng pabahay.
- Mga taong naninirahan sa mga grupong tirahan gaya ng mga tirahan na may taga-alaga (nursing homes), kulungan, kwartel ng militar, at mga dormitoryo sa kolehiyo.

Maliban sa pagpapakita kung paano nagbago ang etniko, panlahi, at edad ng pagboto na kabuuan ng mga kapitbahayan mula noong 2010 Senso, ang mga detalyadong data na ito ay gagamitin ng karamihan ng mga lehislatura ng estado (state) upang muling i-distrito o muling iguhit ang kanilang mga politikal na distrito para sa mga eleksyon.

“Bagama't ang pangunahing layunin ng mga data na ito ay muling maguhit ng mga estado (states) ang kanilang mga distrito, sasabihin rin sa atin ng mga estadistikang ito kung ilang tao ang naninirahan sa bawat county, sa bawat lungsod (city), at sa bawat block,” wika ni James Whitehorne, tagapangulo ng Opisina ng Muling Pag-distrito at Data ng Mga Karapatan sa Pagboto ng Kawanihan ng Senso. “Ang impormasyong ito ay magbibigay ng detalyadong pandemograpikong larawan ng populasyon ng ating bansa para sa mga komunidad sa buong Estados Unidos.”

Ang paglabas sa Agosto ay ilalagay sa isang pormat na “legacy” na ginamit ng mga gobyerno sa mga 2010 at 2000 Senso. Gagamitin ng mga estado (states) ang mga file na ito upang simulan ang kanilang mga pagsisikap sa muling pag-distrito. Bago lumampas ang Setyembre 30, gagawing makukuha online ng Kawanihan ng Senso ang parehong data sa isang mas madaling gamiting pormat sa data.census.gov.

Sa isang bagong video (Sa Ingles lamang), tinalakay nina James Whitehorne at Nicholas Jones, ang direktor ng Pananaliksik at Pag-abot sa lahi/etnisidad ng Kawanihan ng Senso, kung ano ang aasahan sa paparating na paglabas.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Press Kit ng Mga File sa Muling Pag-distrito ng 2020 Senso (Sa Ingles lamang).